



**SUPERIOR COURT OF CALIFORNIA
COUNTY NG SAN MATEO
400 County Center
Redwood City, CA 94063**

PAANO MAGBAYAD SA MGA KASONG NI-REFER PARA SA PAGSINGIL

Ahensya ng Pagsingil para sa San Mateo Superior Court

Simula Agosto 1, 2023, pinapahintulutan ng San Mateo Superior Court ang Linebarger Goggan Blair & Sampson, LLP (LGBS, LLP) na maningil ng pera sa mga kaso kung saan iniatas ng isang opisyal ng hukuman na magbayad ng mga multa at bayarin sa mga kasong may kaugnayan sa krimen, trapiko, at juvenile delinquency.

Mga Opsyon sa Pagbabayad

➤ Credit/Debit Card

Puwede kang magbayad online gamit ang credit/debit card sa: www.lgbswebpayments.com. Kakailanganin mong ilagay ang numero ng iyong kaso sa hukuman para makapagbayad.

➤ Tseke/Money Order

Dapat ipadala ang mga bayad sa pamamagitan ng tseke o money order sa sumusunod na address:

LGBS, LLP
PO Box 708900
San Antonio, TX 78270

Dapat ipangalan ang mga tseke sa: LGBS. **Malinaw dapat na nakasulat sa tseke o money order ang numero ng kaso at ang numero ng iyong telepono.**

Pakikipag-ugnayan sa Linebarger

Kung mayroon kang mga tanong, puwede kang tumawag nang toll-free sa 844-544-5358. Lunes hanggang Huwebes, 5 a.m. hanggang 7 p.m.; Biyernes, 5 a.m. hanggang 6 p.m.; at Sabado 6 a.m. hanggang 10 a.m. (nasa Pacific Time Zone ang lahat ng oras).

PAANO MAGBAYAD NG RESTITUTION SA BIKTIMA SA MGA KASO NG PROBATION SA HUKUMAN

Ang restitution sa biktima na nauugnay sa mga kaso ng probation sa hukuman ay ipapangalan sa San Mateo Superior Court.

Mga Opsyon sa Pagbabayad

➤ Kung wala kang plan sa pagbabayad at gusto mong bayaran nang buo ang restitution sa biktima at iba pang multa, puwede kang magbayad online sa pamamagitan ng credit/debit card sa secure na portal sa pampublikong website ng hukuman: <https://odyportal-ext.sanmateocourt.org/>.

➤ Puwede kang magpadala ng tseke o money order. Pakilagay ang numero ng kaso at ang numero ng iyong telepono para sa wastong pag-credit, ipangalan sa **San Mateo Superior Court**, at ipadala sa:

Revenue Collections Unit / 4th Floor Finance Division
San Mateo Superior Court
400 County Center
Redwood City, CA 94063

Para mag-set up ng plano sa pagbabayad o kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa 650-261-5047 sa pagitan ng 10 am at 3 pm o magpadala ng email sa vr@sanmateocourt.org.